Para sa mga crane na pinatatakbo sa sahig o lapag, patayin ang switch ng kuryente at ilagay ang crane sa standby hanggang sa makumpleto ang trabaho, at kumpirmahin ang katayuan ng pagkakabit sa oras na ito. Pangunahing kadahilanan sa pagbagsak ng mga karga ang hindi sapat na pagkakabit, kaya tiyakin na nakakakuha ng kaalaman tungkol sa trabaho ng pagkakabit at kayang kumpirmahin ang kaligtasan ng gawain sa pagkakabit ang mga operator ng crane. Mas mabuti na nagtataglay din ng sertipikasyon ng pagkakabit ang mga operator. Kung nagsasagawa ng gawain sa pagkakabit ang mga operator, dapat nilang makumpleto ang isang kurso sa pagsasanay sa kasanayan sa pagkakabit.



Fig. 2-27 Pag-unawa sa Slinging



Fig. 2-28 Sertipikasyon ng Slinger

Suriin ang estado ng sling bago simulan ang pagpapaandar

- Suriin na ang bigat ng karga ay hindi lagpas sa markadong karga ng crane.
 - Kumpirmahin ang bigat ng karga.
 - Kumpirmahin ang bigat ng karga sa pamamagitan ng mga pagpupulong sa trabaho at mga tagubilin nang maaga.
 - Magsanay sa visual na pagtatasa ng timbang sa pang-araw-araw na gawain.

- Suriin na ang kagamitang pang sling a matibay nang sapat para sa karga.
- Suriin na walang problema sa kawad lubid ng sling.
 - Sa prinsipyo, ang kawad na pantali sa pagkakabit ay dapat na may anggulo ng pagkakabit na 90 degree o mas mababa, at karaniwang 60 degree o mas mababa.
 - Kung pumilipit ang pantali, madali itong mapigtal, kaya itama ang anumang pamimilipit.

Mas mabuti kung nasa 60 degrees
(90 degrees sa maximum)




Fig. 2-29 Anggulo ng sling

Pag-angat

- Palikasin ang mga manggagawa sa isang lugar na walang sirang mangyayari kahit gumagalaw ang sling, at maglikas na rin ng sarili. Huwag hawakan ang karga ng iyong kamay upang pigilan ang paggalaw, lubhang delikado ito.




Fig. 2-30 Dumistansyang sapat para lumikas

- Huwag hatakin pagilid o iangat nang oblique.
 - Kapag binubuhat ang karga mula sa lapag, maaaring maging sanhi ng pag-sandwich, mga banggaan, at iba pang mga aksidente ang paggalaw ng karga.
 - Maaaring mapinsala nito ang trolley ng club o hoist frame o humantong sa pinsala sa kawad na pantali.
 - Bago simulan ang mga operasyon ng pagbubuhat, kumpirmahin na direktang nasa itaas ng COG ng karga ang kawit.




Fig. 2-31 Ang pag hatak pagilid o pag angat ng oblique ay pinagbabawal.

- Huwag isagawa ang pagaangat ng karga nang mabilisan.
 - Ipagpatuloy ang pagbubuhat hanggang sa bago umigting ang nakakabit na kawad na pantali.
 - Sakto bago umigting ang nakakabit na kawad na pantali at umalis sa lapag ang karga, pansamantalang itigil ang pagbubuhat at bawasan ang epekto mula sa pagbubuhat ng karga mula sa lapag.
- (a) Kumpirmahin ang nakabitin na kondisyon at estado ng pag-igting ng nakakabit na kawad na pantali.
 - Kung hindi epektibo na nakalapat ang kapit ng nakakabit na kawad na pantali, maaaring gumuho ang karga at tatama ang pasalpok na puwersa sa crane
 - Kumpirmahin na nakabahagi ang karga nang pantay-pantay sa kabuuan ng nakakabit na kawad na pantali.
 - Kung lummihi ang posisyon ng nakakabit na kawad na pantali sa pagbubuhat, maaari itong maging sanhi ng pagkapigtal ng kawad, kaya itigil ang pagbubuhat at ayusin ang pagkakabit.




Fig. 2-32 Ang mabilisang pagangat ng karga ay pinagababawal.



Fig. 2-33 Icheck ang kundisyon ng lubid

(b) Suriin kung nakalagay sa posisyon ang mga pads.

- Kung direktang nakasabit sa matulis na sulok ng karga ang nakakabit na kawad na pantali, maaaring maputol ang kawad.

(c) Suriin kung ang karga ay nabalanseng maigi sa sling.

- Kumpirmahin na nasa isang patayong linya ang COG ng karga at ang kawit.
- Kapag binubuhat ang load kung saan mahirap matukoy ang COG, dahan-dahang buhatin ang karga at kumpirmahin.
- Para matiyak ang balanse ng karga kapag nagbubuhat, ipalagay ang posisyon ng pagbubuhat ayon sa COG ng karga, at isaalang-alang ang pag-install ng mga nakabitin na piraso sa karga sa oras ng disenyo depende sa sitwasyon.

- (d) Suriin na ang kagamitang pang sling at ang karga ay hindi natatrap ng iba pang karga, makina o istruktura.
- Kung sumabit sa isa pang bagay ang karga o gear sa pagkakabit, ilalapat ang puwersa na mas malaki kaysa sa na-rate na load, at maaari itong makapinsala sa nakabitin na kawad na pantali at pagbibitin.




Fig. 2-34 Suriin ang estado ng karga

- Iangat ang karga nang dahan-dahan nang mga dalawa o tatlong beses ng pagpupulgada hanggang simula nang makaalis sa sahig o lapag. Tapos pansamantalang itigil ang crane.
- Muling suriin ang mga bagay (a) hanggang (d) matapos maiangat ang karga.
- Sunod sa pagtatapos ng pag-angat, i-angat ang karga sa tamang taas.
 - Buhatin ang mga karga sa isang posisyon na mas mataas kaysa sa taas ng mga tao, kung saan maaari silang ligtas na mailipat sa lahat ng oras. Gayunpaman, kung walang mga hadlang sa paligid, itigil ang pagbubuhat nang mas mababang taas hangga't maaari.
 - Kapag nag-aangat ng mga karga na halos katumbas ng markadong karga ng crane, siguruhing subukan ang preno habang ang karga ay nasa mababang lebel pa, bago ipagpatuloy ang normal na operation.
 - Iwasan ang palagiang paggamit ng pang-itaas na limit na switch upang itigil ang galaw pag-angat.
 - Huwag gumamit ng pagpupulgada nang hindi kinakailangan sa pag-aangat sa karga.
 - Kung ang karga ay gumagalaw, wag simulan ang pag-angat dahil, sa ganung kundisyon, ang pang-angat na kawad lubid ay maaaring iregular na mahaltak sa dram, na magresulta sa sirang kawad lubid.

Pagdadala ng Karga sa Lugar na Paglalapagan

- Kapag nagpapagalaw ng crane, pumosisyon sa likod o sa gilid ng karga at maglakad kasabay nito. Huwag pumosisyon sa harapan ng karga (sa nakikitang direksyon ng galaw nito) o sa ilalim nito. Kung bumagsak ang karga dahil sa hindi sapat na pagbibigay ng signal o iba pang sanhi, maaari itong humantong sa isang taong madadaganan sa ilalim ng karga.
- Huwag ipadaan ang karga sa taas nang sino mang manggagawa sa ano mang sirkumstansya. Gamitin ang rutang walang makinarya o anumang kagamitan (habang maari, magbigay ng daraanan lalo na sa pagdala ng mga bagay gamit ang crane).
- Huwag pagalawin ang crane nang wala sa atensyon. Laging tutukan ng mata ang daraanan sa harapan habang gumagalaw ang crane.
- Bago tumawid sa pangkaligtasang daanan o daanan ng sasakyan, pabagalin ang crane at magbigay ng babala sa mga mangagawa sa paligid sa pamamagitan ng pagpapatunog ng alarma o ibang paraan pa.




Fig. 2-35 Pagsisiguro sa kaligtasan habang pinapagalaw

Pagbababa

- Suriin ang kaligtasan ng lugar na pagbababaan.
Abisuhan ang mga manggagawa sa paligid ng pagbababaan na umalis papalayo mula dun.
Suriin kung may nakahambalang sa lugar ng pagbababaan at kung ang karga, kapag inilagak doon ay babaligtad.




Fig. 2-36 Pagsuri sa lugar pagbababaan

- Ibaba nang tuluyan ang karga hanggang halos umabot na sa sahig o lapag (upang mabawasan ang pagpupulgada).
- Bago tuluyang ilapag ang karga, ihinto ang galaw pagbababa nang saglit upang masiguro na ang lapagan ay maayos.
- Maingat na ilagay ang karga sa sahig o lapag na may kaunting pagpupulgada.
- Kapag umabot na sa sahig ang karga, itigil ang crane saglit upang suriin kung ang karga ay matatag na nakapatong.
- Sa pagpapaluwag ng sling na kawad lubid, ibaba ang kalawit nang tuluyan at iwasan ang di kinakailangang pagpupulgada.

Pagtanggal sa Sling

- Siguruhing patayin ang suplay ng kuryente ng crane bago ang taga-sling ay magsimulang magtanggal ng sling ng kawad na lubid mula sa karga.
- Huwag hilahin ang sling kawad lubid mula sa ilalim ng karga sa pamamagitan ng pag-angat na galaw ng crane.




Fig. 2-37 Ang paghila sa sling na kawad na lubid ng crane ay ipinagbabawal.

Pag-angat sa kalawit ng crane

- Iangat ang kalawit, i-check na ang kawad lubid ay saktong nakapaikot nang tama sa pang-angat na drum.
- Kailangang ingatan na huwag iangat ang kalawit habang nagsi-swing ito. Kung random na bumuhol sa palibot ng drum ang nakabitin na kawad na pantali, maaaring magdulot ito ng pagkapiortal o pinsala sa kawad na pantali. Bilang karagdagan, kung umindayog ang mga kawit, maaari itong dumait sa drum, trolley frame ng club, o hoist frame at maging sanhi ng pinsala.



Fig. 2-38 Ang pag-angat sa gumagalaw na kalawit ay pinagbabawal.

Katapusan ng Pagdadalang Trabaho

- Patayin ang suplay ng kuryente para sa crane.
- Kung hahawakan mo ang push-button ng palawit palihis matapos ka dito, huwag bitawan ito mula sa ganoong posisyon.
Maaari itong maging sanhi ng mga banggan sa mga manggagawa at makinarya sa paligid at humantong sa mga pinsala sa manggagawa, pinsala sa palawit na switch, hindi sinasadyang pagsa-aktibo ng push button na switch, at pagkasira ng makinarya.




Fig. 2-39 Paghahawak sa palawit na switch

Check List ng Post na operation (p.74)

- Kapag gumagamit ng nakakabit na gear, ibaba ito sa tinukoy na posisyon at siguraduhin na ang hindi nakakarga ang kawit.
- Itigil ang crane sa nakatalagang posisyon.
Kung ang hagdan o elevator na pang-angat ay naibibigay para sa pag iinspeksyon, itigil ang crane sa ganoong instalasyon.
- I-secure ang crane kung mayroong isang rail clamp o angkla.
- Ilangat ang blokeng snatch sa lebel saan hindi ito nakakasagabal sa pedestrian at trapikong degulong.
- Patayin ang suplay ng kuryente ng crane.
Kung ang push-button na asembly ay may buton na “OFF” na switch, gamitin ito para putulin ang suplay ng kuryente.
Patayin ang pangunahing switch ng suplay ng crane.
- Suriin ang mga bahagi ng crane partikular ang mga nakakuha ng iyong atensyon sa panahon ng operation at, kung kinakailangan, iulat sa supervisor sa pagmementina.
- Grasahan o padulasan ang mga kinakailangang bahagi.

- Gumawa ng angkop na tala sa logbook, diary o ano mang ulat upang masigurong lahat ng kinakailangang impormasyon ay maibigay sa kapalit mo.




Fig. 2-40 Pagsusukat matapos ang trabaho

Paano Pagalawin ang Crane na may Pang-angat upang Maiwasan ang Paggalaw ng Karga (P.75)

Ang sira ay gawa ng gumagalaw na karga ay nangyayaring madalas. Importanteng ang pagpapagalaw sa crane ay may pagiingat upang mapanatiling steady ang karga hanggat maari.

Sanhi Ng Paggalaw ng Karga

Ang mga sumusunod ay ang mga pinakasanhi ng pag galaw sa ganitong klaseng crane:

- Ang pagbubuhat ng nakatagilid, hindi balanseng COG
Ang pag-indayog ng karga ay nangyayari kapag ang nakatagilid ang pagbubuhat o kapag binubuhat ang karga na hindi balanse ang COG.
- Ang puwersa ng kawalan ng galaw sa simula at paghinto ng pagtatakbo o pabibiyahе.
Sa kaso ng mga crane na may isang bilis ng pagbiyahe at mga galaw sa pagbibiyahе, ang pagkakaroon ng indayog ng karga sa pagsisimula at paghinto ng pagbibiyahе ay hindi maiwasan sa isang tiyak na saklaw Bilang karagdagan, may sumusunod na mga katangian ang indayog ng karga.
 - Habang bumibigat ang karga, nagiging mas mahirap na pigilan ang pag-indayog.
 - Habang nadadagdagan ang acceleration o deceleration, lumalawak ang indayog ng karga.
 - Habang humahaba ang nakabitin na kawad na pantali, lumalawak ang indayog ng karga.
 - Habang humahaba ang nakabitin na kawad na pantali, mas tumatagal ang cycle ng indayog.
 - Hindi nakaugnay sa cycle ng indayog ang bigat ng karga.

Batay sa nasa itaas, ang sumusunod ang mga pangunahing kaalaman para maiwasan ang pag-indayog ng karga.

- Gumamit ng mga operasyon sa paglapit hanggang sa umigting ang mga kawad na pantali at pansamantalang ihinto ang kawad na pantali sa posisyon kung saan ito umiigting, pagkatapos kumpirmahin ang COG ng karga nang isa pang beses bago buuhatin ang karga mula sa lapag.
- Habang bumibigat ang karga, bumababa ang acceleration at deceleration.
- Magsagawa ng mga operasyon sa paghinto ng indayog na angkop para sa haba ng nakabitin na kawad na pantali (angcycle ng indayog).



Fig. 2-41 Posisyon ng kalawit

Mga halimbawa ang nasa itaas kung paano maiwasan ang pag-indayog ng karga, ngunit hindi umiindayog ang mga karga sa parehong paraan. Mahalaga na makabisado ang mga operasyon batay sa mga crane na ginamit sa bawat lugar ng trabaho at ang hinahawakan na mga karga habang inaalala ang nasa itaas na mga batayan. Sa pangkalahatan, ang mga crane na may mga nakabitin ay nagsasagawa ng pagbubuhat, pagbibiyahe, paglalakbay, at iba pang paggalaw sa iisang bilis, at walang shock absorber kapag nagsisimula ang crane. Mas mahirap ang pagsasagawa ng mga operasyon habang pinapanatili ang indayog ng karga na maliit kaysa sa mga on-board na operasyon na uri ng mga crane, kaya mahalaga na mapagbuti ang mga kasanayan sa operasyon sa pamamagitan ng paulit-ulit na pagsasanay sa operasyon. Bilang karagdagan, ang mga crane na may mga nakabitin na panghila ay may mas magaan na katawan ng crane kumpara sa mga trolley ng club na uri ng crane, at mas magaan kaysa sa naka-rate na karga ang mga nakabitin na panghila sa partikular.

Para sa kadahilanang ito, ang pagsasagawa ng pag-uusad o pagbibiyahe ng crane o ng nakabitin na panghila habang umiindayog ang karga ay maaaring magresulta sa mga sumusunod.

- Kung umiindayog sa pasulong na direksyon ang karga, madadagdagan ang bilis ng paggalaw.
- Kung umiindayog karga sa adireksyon na baliktad sa pasulong na direksyon, mababawasan ang bilis ng paggalaw.
- Magiging sanhi ng pag-vibrate ng crane ang pag-indayog ng karga habang gumagalaw ito at hindi gumagalaw sa isang nakapirming bilis.

Kung lubhang napakalaki ang indayog ng karga, maaaring tumigil pansamantala ang crane o nakabitin na panghila habang umiindayog ang karga sa pagitan ng pasulong at pabalik na direksyon.



Fig. 2-42 Operasyon nang hindi gumagalaw

Pag-iwas sa pag-indayog ng karga

- (1) Ang pagpoposisyon ng kawit nang direkta sa itaas ng COG at pag-bubuhat I-posisyon ang kawit nang direkta sa ibabaw ng COG at magsagawa ng mga operasyon ng paglapit hanggang sa umigting ang kawad, pagkatapos ay pansamantalang itigil ang kawad sa umiigting na position at buhatin ang karga mula sa lapag matapos na kumpirmahin muli ang posisyon ng COG.
- (2) Pag-iwas sa pag-indayog ng karga sa pamamagitan ng mga operasyon
Sa mga crane, pangunahing maiiwasan ang pag-indayog ng karga sa pamamagitan ng sumusunod na dalawang pamamaraan.

Dahan dahang Pagpapabilis na Pamamaraan ng Pagpigil sa Paggalaw ng Karga

Ang pamamaraang ito ay nakakapigil sa paggalaw ng karga sa pag-ulit ng maiiksing round ng pagpupulgada hanggang ang crane ay makaabot sa markadong paglalakbay o pagagalaw na bilis. Ang paggalaw ng karga ay madaling maiiwasan sa pamamaraang ito ngunit kailangan ang pagpapanatili ng mga round ng pagpulugada.

Follow-Notch na pamamaraan ng Pag-iiwas sa Paggalaw ng Karga

- Pagpigil sa Paggalaw ng Karga sa Panimula
 - Kung ang switch na panglakbay ay pipindutin sa Estado (I) na nilalarawan sa Fig. 2-43, ang crane ay magsisimulang gumalaw agad pero ang karga ay hindi maguumpisang gumalaw hanggang sa ilang sandali matapos ito dahil ang inertiang pwersa ay nagtatrabaho dito, at mauuwi sa Estado (II).
 - Kung ang switch na panglakbay ay pinatay sa estadong ito, ang crane ay magdadahan-dahang agad habang ang karga ay mauuna sa crane, na magresulta sa Estado (III).
 - Pagkatapos kapag ang pindutang panlakbay ay pininduot ulit bago ang karga ay nasa ilaim na mismio ng crane kagaya nang nasa Estado (II), magsisimulang gumalaw pasulong ang karga nang hindi gumagalaw halos.




Fig. 2-43 Pagpigil sa Paggalaw ng Karga sa Panimula

- Pagpigil sa Paggalaw ng Karga sa Paghinto
 - Kung ang switch sa paglalakbay ay pansamantalang papatayin bago marating ng crane ang takdang hintuang posisyon, gaya ng nasa Estado (IV), ang crane ay agarang babagal upang huminto. Ngunit ang karga ay patuloy na gagalaw pasulong sa pwersa ng inertia. Ang resulta, susunod ang Estado (V).
 - Kung ang travel switch ay pipindutin ulit nang saglitan bago marating ng karga ang puntong galaw, gaya ng sa Estado (V), ang crane ay gagalaw bahagya pasulong hanggang huminto na ulit ito sa Estado (VI).




Fig. 2-44 Pagpigil sa Paggalaw ng Karga sa Paghinto

- (3) Pag-iwas sa pag-indayog ng karga sa pamamagitan ng kagamitan
- Sa pamamagitan ng paggamit ng conventional na teknolohiya tulad ng mga likidong pangkabit at mga electric shock na absorber o kamakailan lamang na teknolohiya tulad ng inverter na kinokontrol ng shock, posible na gumawa ng pagsisimula at paghinto ng maayos at pag-minimize ng indayog ng karga.

5.4 Inspeksyon at Pananatili (p.77)

Mga Alituntuning Pantrabaho Para sa Mga Operator (p.77)

Dapat isipin ng operator ng crane na sya ay isang miyembro ng pangkat sa pagmementina rin, at sa pagsasagawa ng kanyang trabaho araw-araw, kailangang pagalawin nya ng tama ang crane na laging binibigyan ng sapat na atensyon ang mga pagbabago sa kung paano ito tumatakbo.




Fig. 2-45 Kasanayang pag check-up

Kapag may nakitang ano mang problema o maling pag andar, Kailangang ihinto agad ng operator ang crane at iulat sa punong mekaniko ng pagmementina ang estado ng problema o di pag gana. Ang impormasyon sa problema o di paggana ay dapat ibigay sa lahat ng nagpapagalaw sa crane.

- Kung ang crane ay hindi tumigil kapag tinigilan ng operator ang pagpindot ng push button:
Ang maaaring rason ay ang pagfuse ng contact sa push button ng assemblya o sa kontaktor.



Fig. 2-46 Paghinto kapag di normal

- Kung, matapos ang limit sa sobrang paghila ay naganap, ang crane ay hindi magsimulang ibaba ang galaw:
Ang pinakamaaring rason ay ang pagsagawa ng emerhensiyang limit na swith dahil sa di paggana ng serbisyong limit na switch.
- Kung may pagbabago sa tunog mekanikal, partikular sa pagkakaroon ng kakaibang ingay (hal, paglagitnit, o pagdagundong) o ang frictional na paghugong na tunog:
Kailangang bigyang atensyon hindi lang ang crane mismo kundi pati na rin ang kondisyon ng at paligid ng kargang inangat at mga riles na paglalakbayan.
- Kung nagva-vibrate ng di karaniwan ang crane:
Ang Toperator ay kailangan icheck kung ang crane ay gumagawa ng kumakalog na ingay o kung ang palawit na kable ay nagva-vibrate sa kanyang mga kamay.
- Ang susunod na mga iregularidad ay maaaring mangyari sa operation ng crane:
 - Di paggalaw nang tuluyan
 - Bagalan ang biglaang galaw, dagliang pagtalima, kahandaang magsimula, kakinisan ng galaw o pag-operate na bilis mababa sa tiniyak na lebel o paminsanang di pag gana
 - Pagbaba ng paggana ng preno
 - Di pag-ikot ng mga nagagalaw na rotary: Ang mga parte ng crane na maaaring pumalya kabilang ang sheave ng blokeng snatch, mga gulong panlakbay, at ang current colector na gulong.
- Kung ang crane ay nag-init o nangamoy ng hindi pangkaraniwan:
 - Maaaring ang mga motor ay nag overheat o nasunog
 - Maaaring ang alinmang lining ng preno ay may mataas na temperatura o nasunog

5.5 Implementasyon ng Inspeksyon at Checkup (p.79)

Ang operasyon ng crane ay itinakda upang maisagawa ang mga sumusunod na inspeksyon at pag-checkup. Ang mga resulta ng pana-panahong pag-inspeksyon-sa-sarili sa (2) at inspeksyon matapos ang isang bagyo sa (4) ay nakatakdang mapanatili sa loob ng tatlong taon, pero kanais-nais na mapanatili ang iba pang mga resulta ng inspeksyon.

(1) Checkup bago magsimula (Tingnan ang 2.3.2, p.54)

(2) Panapanahon na sariling pagiinspeksyon

Mayroon mang pagpalya o abnormalidad, ang detalyadong pag-inspeksyon at pag-overhaul ng mga mahahalagang bahagi ay isinasagawa para makita ang mga piyesang sira na hindi makita sa pang-araw-araw na inspeksyon. Ito ay karaniwang isinasagawa ng mga tauhan ng maintenance na may dalubhasang kaalaman sa mga crane.

- Buwanang sariling pagiinspeksyon
Ito ay isang boluntaryong inspeksyon na isinasagawa sa loob ng isang buwan.
- Taunang sariling pagiinspeksyon
Ito ay isang boluntaryong inspeksyon na isinasagawa sa loob ng isang taon.

(3) Inspeksyon sa pagganap

Ito ay isang inspeksyon na dapat gawin sa loob ng validity period (karaniwang dalawang taon) ng sertipiko.

(4) Pag-checkup pagkatapos ng Bagyo

Ito ay itinakda para isagawa kapag isinasagawa ang gawain gamit ang Lift para sa Gawain sa Konstruksyon (hindi kasama ang isa na nakakabit sa ilalim ng lupa), pagkatapos ng hangin na may bilis na higit sa 30 m/s, o pagkatapos ng lindol ng medium intensity o mas malakas, check up nang maaga, mga abnormalidad sa bawat bahagi ng Lift para sa Gawain sa Konstruksyon.

5.6 Alituntunin sa Pagiinspeksyon (p.80)

Direksyon Para sa Mga Tagapagalaw ng Crane

Sa tuwing iniinspeksyon ang crane, wag buksan ang pangunahing suplay ng kuryente o i-operate ang crane.

Kapag ino-operate ang crane malapit sa isa pang iniinspeksyon, maingat na galawin ito at iwasang ilapit ito sa isang crane upang ang pagbangan nila ay maiwasan.

Mga tala para sa mga pagsisiyasat

Kapag sinisiyasat ang isang crane, magsagawa ng sapat na paghahanda nang maaga para maiwasan ang mga aksidente sa panahon ng pagsisiyasat at maisagawa ang wastong pamamaraan ng trabaho.

- **Paunang Paghahanda**
Bago ang pag-inspeksyon sa crane, lahat ng taong sangkot ay dapat lubusang na paalaman ng kinakailangang oras at iba pang detalye ng inspeksyon.
- **Suriin ang Kasuotan sa Inspeksiyon**
Bago magsimula ang inspeksyon, na kadalasang isinasagawa sa nakaangat na mga lugar at may kaukulang panganib ng pagkakuryente, lahat ng miyembro ng pangkat panginspeksyon ay siguruhing nakasuot ng tamang pantrabahong kasuotan.



Fig. 2-47 Paunang Paghahanda



Fig. 2-48 Angkop na kasuotan na may pamproteksyong kagamitan

- Mga Gamit sa Pagiinspeksyon
 - Siguruhing gumamit ng namintinang maayos na mga gamit sa pagiinspeksyon.
 - Magbigay ng sapat na pagpipigil sa pagkahulog ng mga kagamitan.
- Mga Senyales at mga Marka
 - Ilagay ang “Nasa Pag-iinspeksyon” at iba pang kinakailangang mga markang nakapaskil sa pagiinspeksyon.
 - Mag unat ng lubid sa palibot ng crane upang maiwasang makapasok ang di-otorisadong mga tao.
 - Maglagay ng babalang “Huwag Paandarin” at iba pang mga kaugnay na mga marka sa switch ng suplay ng kuryente.
- Mga Gagawin upang maiwasan ang Pagbanggaan
 - Kung ang katabing crane ay nag-ooperate, maglagay ng pampigil upang di magkabanggan.

5.7 Inspeksyon at pagmementina ng mga kawad lubid at kadenang pangkarga (p.81)

Inspeksyon at Pagmementina ng mga kawad na lubid

Kasama sa gitna ng kawad na pantali ang inhibitor sa kalawang at langis para maiwasan ang pagkasira dahil sa pagkikiskisan sa pagitan ng mga kawad. Ang labas ng mga hibla at kawad na pantali ay may grasa din, ngunit kung ginamit ito ng mahabang panahon, ang langis ay mapipiga at mauubos, at tataas ang pagkasira ng mga kawad, kaya mahalaga na mag-aplay ng langis at palitan ang supply. Bilang karagdagan, nangyayari ang pagkasira at pagkapigtal sa mga kawad na pantali para sa paghihila at derricking dahil sa paulit-ulit na pagkapilipit mula sa mga sheave at drum. Para sa kadahilanang ito, mag-focus sa mga pag-inspeksyon ng kawad sa mga kritikal na punto tulad ng madaling masira na mga seksyon, lalo na ang mga seksyon na dumadaan sa mga sheave at paulit-ulit na napipilipit, ang mga bahagi ng pag-install sa mga dulo ng kawad, at ang lugar sa paligid ng mga seksyon na may kaugnayan sa equalizer sheave. Kung natuklasan mo ang sumusunod na mga kondisyon sa pag-iinspeksyon, dapat mong palitan agad ang mga piyesa

Ang kriterya sa pagsasabing katanggap-tanggap ang mga kawad na lubid ay nakalagay sa kodigo ng konstruksiyon para sa crane. Ayon sa kriterya, alinman sa mga kawad na lubid na nakalista sa ilaim ay hindi na dapat gamitin sa crane:

- Kawad lubid na may mababa sa 10 porsyentong kabuang bilang ng mga kawad (di kasama ang kawad na pangfiller) na nasa alin mang lubid na pangtali ay sira.
- Yung may mababang diyametro na higit 7 porsyento sa nominal na diyametro
- Ang mga may buhol
- Ang mga wala na sa hugis at sira na

Kapag nagpapalit ng kawad lubid, gumamit lamang nung tiniyak ng tagagawa. Mainam na palitan agad ang kawad lubid sa lalong madaling panahon o putulin ang diyametrong pagbawas ng kawad lubid sa sumusunod na halaga.




Fig. 2-49 1 pilipit ng kawad na lubid



Fig. 2-50 Pagkaputol ng kawad




Fig. 2-51 Paggamit



a: Negatibong buhol



b: Positibong pulupot



c: Proseso ng pagbuo ng mga kink

Fig. 2-52 Buhol



a: Pagkaka-agnas



b: Pagbagsak

Fig. 2-53 Mga pagkawala sa hugis

Pagiinspeksyon at pagmementina ng mga kadenang pangkarga (p.81)

Ang kriterya sa pagdedetermina sa pagiging katanggap-tanggap ng kadena pangkarga ay nakalagay sa kodigong pangkonstruksyon ng crane. Ayon sa mga kriteryang ito, alin man sa lumang mga kadenang pangkarga na natitiyak sa baba ay hindi dapat gamitin para sa mga crane:

- Ang mga kadena na napahaba na ng mahigit 5 porsyento ng orihinal na haba na natitiyak sa panahon ng produksyon
- Ang mga mayroong anumang link kung saan ang seksyonal na diyametro ay nabawasan na ng higit sa 10 porsyento ng orihinal na laki na natitiyak sa panahaon ng produksyon
- Ang mga mayron nang bitak
- Ang depektibong welding, depektibong pinagsamang joints, o higit na wala na sa hugis

Sa pagpapalit ng lumang kadena ng bago, ingatan na ang tipo at grado ng kadena na gagamitin ay ang tinukoy ng manufacturer. Ang pagdadagdag ng mga kawing ng kadena sa kasalukuyang haba ay dapat iwasan dahil hindi ito ligtas.

Pampadulas (p.84)

Kailangan ang naaangkop na pampadulas para sa mga bearing ng crane, mga gear, at kawad na pantali. Dapat matukoy ang pampadulas na ginamit batay sa lokasyon ng paggamit. Gumamit ng grasa, langis ng gear, at langis ng makina sa naaangkop na mga lugar. Gumamit ng grasa, langis ng gear, at langis ng makina sa naaangkop na mga lugar. Gayundin, ang naaangkop na pagpapalit ng pampadulas depende sa mga kondisyon ng paggamit ng mga pinapadulas na seksyon, tulad ng lagkit, lakas ng film ng langis, at ang kahinaan sa pagkasira.

5.8 Panuntunan sa Operation ng Cranes na Naka-install sa Labasan (p.86)

Sa kalahatan, ang mga cranes na nakahimpil sa labasan ay dapat hawakang maayos sa parehong paraan nang nasa loob ngunit ang pagpapatakbo nito ay nangangailangan ng buong pag unawa sa mga karampatanmg panuntunan, alituntunin sa pagtrabaho, at mga talaang susuriin, lalo na sa mga pagiingat sa masamang panahon.

Mga tala sa pagpapatakbo

- Suriin ang impormasyon ng panahon sa briefing sa umaga sa bawat araw.
- Kung ang lapag ng karga ay basa, patakbuin ang crane nang maingat dahil ang sling na kawad na lubid ay maaaring madulas palabas ng posisyon sa karga.
- Kung ang crane ay walang takip sa pag-uulan, wag pagalawin ito sa basang panahon.
 - Hindi waterproof ang mga standard na nakabitin na panghila, kaya maaaring mangyari ang mga pagkakamali at pagkakuryente.
 - Kapag hindi ginagamit, ilagay ang mga ito sa ilalim ng isang silungan ng ulan (bubong).
 - Mag-ingat sa pagtalsik ng langis ng kawad na pantali o pinadulas na mga seksyon dahil sa pag-ulan at tulad nito.
 - Mag-ingat sa pagkalawang ng mga mekanikal na bahagi at mga interior ng nakabitin na panghila, at pang biyaheng device.
 - Mag-ingat na ang mga de-koryenteng bagay, mga kable, at mga katulad nito ay madaling kapitan ng pagkasira ng insulation
- Itigil ang pagtatrabaho kapag ang panganib ay inaasahan dahil sa malakas na hangin (na may average na bilis nang 10 m/s sa loob ng 10 minuto).
- Kung may posibilidad ng bagyo (gaya ng biglaang bugso ng bilis ng hangin na higit sa 30 metros bawat segundo), magsagawa ng naangkop na pagpipigil ng crane sa paggalaw ng di sinasadya.
- Kung ang riles panggalaw o pagbabyahe ay basa dahil sa ulan o niyebe, patakbuin ang crane nang may pagiingat, lalo sa pagsisimula o paghihinto nito, dahil ang mga gulong ay maaaring madulas sa riles.

- Itigil ng pagpapatakbo ng crane kapag may pagkukulog, na maaaring magkadisgrasya dahil sa pagkikidlat.



Inaasahan ang malakas na hangin ayon sa impormasyon ng lagay ng panahon

Fig. 2-54 Pagsusuri sa impormasyong pampanahon



Nagsisimula nang umulan, sana ay huminto.

Fig. 2-55 Itigil ang pagpapatakbo dahil sa ulan

Mga tala sa pamamahala

- Bilang karagdagan sa mga ligal na regulasyon, kung mayroong mga pamantayan sa site para sa pagtigil ng mga operasyon kapag masama ang panahon, siguraduhing sumunod sa kanila.
- Mga hakbang sa paghahanda kapag may malakas na hangin
 - Magpasya ng isang pamamaraan para sa pagkuha ng impormasyon tungkol sa bilis ng hangin.
 - ung may mga pamantayan para sa pagtigil ng mga operasyon sa panahon na malakas ang hangin, siguraduhing sumunod sa kanila.
 - Kung may mga pamantayan para sa pagpapatupad ng mga hakbang sa paghahanda para sa malakas na hangin, ipatupad ang mga hakbang sa paghahanda ayon sa nasabing pamantayan.
- (a) I-secure ang crane gamit ang isang angkla o iba pang mga device sa pag-lock.
- (b) Kung mayroong anumang mga bagay na maaaring mahulog o lumipad sa crane, gumawa ng mga hakbang sa paghahanda.
- Magsagawa ng mga pagsisiyasat pagkatapos ng malakas na hangin at mga katulad at kumpirmahin na walang mga abnormalidad.

5.9 Aksidenteng Industrial sa Pagpapatakbo ng Crane (p.87)

Ang crane ay ginagamit sa pagbibitbit ng mga mabibigat na mga karga, kung kaya't ang aksidente mula sa o may koneksyon sa operation ng crane ay nagreresulta ng malalang sira sa tao at mga materyales. Isang mahalagang konsiderasyon sa pagpipigil ng aksidente sa crane ay ang pagsagawa ng nararapat na pamamaraan upang iwasan ayon sa mga pag aaral base sa nakaraang mga tala ng mga aksidente sa crane.

Ang mga sumusunod ay mga kaso ng mga aksidente sa crane ayon sa kadahilanan:

(1) Pagkahulog ng karga

- Di magandang pag sisling (hal., paggamit ng kawad lubid na masyadong malaki ang diyametro, paglagay ng sling angle na masyadong malaki o pag-sling ng karga na hindi balanse ang COG)
- Paggalaw ng karga (dahil sa pag sling ng karga na ang COG ay hindi nakasentro sa pang-angat na kalawit, di pantay na balanse ng pag-sling, marahas na pagpapatakbo ng crane atbp.)
- Sirang kawad na lubid (dahil sa di sapat na lakas ng kawad lubid, pagsosobra sa bigat ng karga, paggamit ng sira na kawad na lubid, atbp.)
- Nasirang gamit pang sling (dahil sa pagsosobra sa bigat ng karga, paggamit ng luma o sira nang gamit pang sling atbp.)

(2) Pagkamatay dahil sa pagtatama o naipit ng karga

- Mali ng operator (hal. mali sa pagtataya ng distansya gamit ang mata o di maingat na pagoperate)
- Di Tamang pagsesenyas

(3) Pagtumba ng karga (dahil sa di maayos na pag sling, di maayos na paghanda ng lugar na paglalapagan, maling paghusga ng operator, mahinang plano sa paggagawa atbp.)

(4) Pagbagsak o pagtumba ng mga bagay na tinamaan ng karga

- Mali ng operator (hal mali sa pagtataya ng distansya gamit ang mata, di maingat na pagoperate o maling paghusga ng operator)
- Mali ng Pagsisling (hal, maling pagsesenyas, di maayos na pag-sling)

(5) Pagkamatay sa pagkaipit sa gamit pang-sling o gamit pang-angat, (dahil sa kulang o hindi angkop na pagsesenyas, di mahusay na pag-sling, di pagkakaunawan sa pagsenyas atbp)

(6) Pagkamatay sanhi ng pagkaipit ng crane (dahil sa di maayos na pagsesenyas, di mahusay na pag-sling, di pagkakaunawaan sa pagsesenyas atbp)

- (7) Pagkamatay sa pagkaipit sa crane ng gamit pangmaneho (dahil sa kulang o hindi naikabit na takip proteksyon, mga manggagawang hindi naka tamang suot, o hindi maayos na posisyon, di sapat na komunikasyon atbp.)
- (8) Tumaob o nasirang crane (dahil sa di angkop na inspeksyon, mali sa pagkakagawa o engineering na trabaho, di pagsasagawa ng panangga sa bagyo atbp.)
- (9) Pagkamatay mula sa pagkahulog sa crane (dahil sa mahinang scaffolding mga trabahador na hindi tama ang kasuotan di pagkakaunawa ng operator atbp)
- (10) Pagkahulog mula sa crane (hal, mga bagay na naiwan sa taas ng crane o lumuwag na mga bahagi ng crane)
- (11) mula sa pagkakuryente (dahil sa pagkadikit ng bare conductor, di pagpatay ng main na supply ng kuryente, maling pag-on ng supply atbp.)

Kabanata 3

Kaalaman sa Prime Mover at Elektrisidad

1

Elektrisidad (p.96)

1.1 Boltahe, Current, at Resistance (p.96)




Fig. 3-1 Dayagram ng Electric Circuit Kumpara sa Tubig

2.1 Mga circuit breaker at mga magnetic contractor ng wiring (p.105)




Fig. 3-2 Shared Protection Panel




Fig. 3-3 Earth Leakage Breaker

3.1 Panganib dahil sa Electric Shock (p.118)

Ang electric shock (pinsala dahil sa pagkakuryente) ay isang reaksiyong physiological na may kasamang kirot at iba pang mga epekto na dulot ng kuryente na dumaloy sa katawan. Ang antas ng epekto sa katawan ng tao ay magkaka-iba depende sa kundisyon tulad ng magnitude ng current, oras ng conduction, uri ng current (AC o DC), lakas ng katawan at kalagayan ng kalusugan ng nakuryente atbp., ang magnitude ng current at tagal ng energization ay may matinding apektado sa partikular.

Sa pangkalahatan, ang pamantayan para sa pagtatantya ng panganib na sanhi ng pagkakuryente ay karaniwang ipinahihiwatig lamang ng value ng kuryente. Sa kabilang banda, sinusuri ng International Electrotechnical Commission (IEC) ang produkto sa pamamagitan ng kuryente at oras tulad ng ibinigay Fig. 3-4. Ipinapakita ng value kapag ang daloy ng kuryente mula sa kaliwang kamay hanggang sa mga paa, at ang panganib na mamatay na may ventricular fibrillation ay maaaring mangyari sa 1,000 mS (millisiemens) sa kuryente na 50 mA, sa 500 mS sa 100 mA at sa 10 mS sa 500 mA ayon sa pagkakasunod-sunod. Gayunpaman, kahit na malakas ang current na dumaloy sa katawan ng tao dahil napadikit sa mataas na boltahe, mayroong kaso na ang nakuryente ay makaligtas na may mga paso lamang kung napakaikli lang ng oras ng conduction.



Mga zone	Mga hangganan	Mga epektong physiological
AC-1	AC-1 Hanggang 0.5 mA curve a	Posibleng maramdaman ngunit karaniwang walang 'nagulat' na reaksiyon.
AC-2	0.5 mA hanggang curve b	Posibleng maramdaman at magkaroon ng di-boluntaryong contraction ng mga kalamnan pero karaniwang walang masasamang physiological na epekto.
AC-3	Curve b at mas mataas	Malakas na di-boluntaryong contraction ng mga kalamnan. Hirap sa paghinga. Nababawing mga problema sa paggana ng puso Maaaring hindi makagalaw Ang mga epekto ay dumadami sa magnitude ng kuryente. Karaniwang walang pinsala sa mga organ ang inaasahan.
AC-4 ¹⁾	Mas mataas sa curve c ₁ c ₁ - c ₂ c ₂ - c ₃ Higit pa sa curve c ₃	Maaaring magkaroon ng epektong Patho-physical gaya ng paghinto ng puso, paghinto ng paghinga, pagkasunog o ibang pinsala sa mga selula. Ang posibilidad ng pagtaas ng ventricular fibrillation sa magnitude ng current at oras. AC-4.1 Probabilidad ng ventricular fibrillation ng halos hanggang 5 % AC-4.2 Probabilidad ng ventricular fibrillation ng halos hanggang 50 % AC-4.3 Ang posibilidad ng ventricular fibrillation mas mataas sa 50%
¹⁾ Para sa pagdaloy ng kuryente na mas mababa sa 200 ms, ang ventricular fibrillation ay nagsimula lamang sa loob ng vulnerable period kung mahahalagang threshold ay nalampasan. Kung tungkol sa ventricular fibrillation, ang figure na ito ay nauugnay sa mga epekto ng current na dumaloy sa landas na kaliwang kamay hanggang sa mga paa. Para sa iba pang daanan ng kuryente, dapat isaalang-alang ang kasalukuyang kalagayan ng puso.		

Fig. 3-4 Kombensyonal na oras/current zone ng mga epekto ng A.C. na mga kuryente na (15 Hz hanggang 100 Hz) sa mga tao para path ng kuryente na naaayon sa kaliwang kamay hanggang sa mga paa

Kabanata 4

Kaalaman sa Dynamiko Kinakailangan sa Pagoperate ng Crane

1

Mga Paksa na May Kaugnayan sa Force (p.126)

1.1 Tatlong Elemento ng Puwersa (Tingnan ang p.126)

1.2 Galaw at reaksiyon (Tingnan ang p.127)

1.3 Komposisyon ng puwersa (p.127)

Tulad ng ipinapakita sa Fig. 4-1 a, kapag hinila ng dalawang tao ang stump ng lubid, ang stump ay mahihila sa direksyon ng arrow. Kaya, kapag ang dalawang force ay kumikilos sa isang bagay, ang dalawang force na ito ay maaaring mapalitan ng resultant force (pinagsamang puwersa) na may parehong epekto.




Fig. 4-1 Komposisyon ng puwersa

Ipinapaliwanag ng Fig. 4-1 b ang isang paraan ng paghahanap ng isang resultant force. Ang mga resultant force ng F_1 at F_2 , na gumagana sa point O mula sa dalawang magkaibang direksyon, ay maaaring matukoy sa pamamagitan ng pagguhit ng isang parallelogram (OADB) sa mga force na ito sa magkabilang panig. Ang diyagonal R sa figure ay kumakatawan sa magnitude at direksyon ng resultant force para matukoy. Ito ay tinatawag na parallelogram law.

1.4 Dekompisyon ng puwersa (p.128)

Ang "decomposition of force" ay ang proseso ng paghati sa dalawa ng isang force sa isang bagay sa dalawa o higit pang mga force sa isang angulo sa isa't isa. Ang bawat isa sa mga bahagi na kung saan ang isang force na nahahati ay tinatawag na "component" o "component force" ng orihinal na force.

Para mahanap ang isang bahagi ng force, ang parallelogram of forces na inilarawan sa "composition of forces" ay ginagamit sa reverse sequence para i-divide ang force sa dalawa o higit pang force sa isang angulo sa isa't isa.

Tingnan natin ang isang tao na humihila ng sled tulad ng ipinapakita sa Fig. 4-2 a bilang halimbawa. Dahil hinihila niya ang lubid pasulong sa angle ng lupa, hal., medyo pataas, ang sled ay hinihila nang pahalang (paayon) pero, kasabay nito, patayo. Kaya kailangan nating hanapin kung ano ang magnitude ng force na aktwal humihila sa sled nang pahalang.




Fig. 4-2 Dekompisyon ng puwersa

Tulad ng ipinapakita sa Fig. 4-2 b, ang force F (OA) ay na-divide sa F₁ (OB) at F₂ (OC) gamit ang parallelogram law. Ito ang decomposition force at makikita na ang pahalang na force ng sled ay magiging F₁ (OB).

1.5 Sandali ng Pwersa (p.129)

Sa pagikot ng nut gamit ang spanner wrench, ang mas maliit na pwera na kinakailangan kapag hawak mo ang wrench malapit sa dulo ng baras kaysa kapag hawak mo sa gitna ng baras.




Fig. 4-3 Kaugnayan ng lakas at kamay ng pwera




Fig. 4-4 Sandali ng leverage

Ang bilang na kinakatawanan ng produkto ng lakas ng pwera at ang haba ng kamay, kaugnay sa isang naibigay na axis ng pag-ikot o isang naibigay na fulcrum na nailarawan sa taas, ay tinatawag na “sandali ng pwera”.

Ang lakas ng pwera na binigay bilang F at ang haba ng kamay na binigay bilang L , ang sandali ng pwera M ay maaaring isulat bilang $M = F \times L$. Kung saan ang magnitude ng force F ay nakasaad sa N (newton) at ang haba ng braso L sa m (metro), kung gayon ang moment ng force M ay maaaring kinakatawan na N·m (newton meter).

$$M_1 = 9.8 \times m \times L_1, M_2 = 9.8 \times m \times L_2$$




Fig. 4-5 Sandaling Nagtatrabaho sa Jib Crane

Kadalasan ang sandali ay nagtatrabaho upang paikutin ang isang bagay paikot pakanan o paikot pakaliwa.

Upang makuha ang kabuuang equilibrium ng dalawa o higit pang sandali, sa makatuwid, kailangan mong isaalang-alang ang paikot na direksyon ng bawat isa.

1.6 Equilibrium ng Parallel Forces (p.133)

Ang Fig. 4-6 ay nagpapakita ng isang manggagawa na nagdadala ng ilang karga na nasa dulo ng isang poste. Para mapanatili itong pantay sa balikat, ang poste ay dapat na hawakan sa gitna kapag ang dalawang load ay pantay ang timbang, pero kapag ang kanilang timbang ay magkaiba, ang poste ay dapat hawakan sa point na mas malapit sa mas mabigat na karga. Ito ay dahil sa pangangailangan na i-equilibrate ang mga moment ng force.




Fig. 4-6 Equilibrium ng Parallel Forces

Sa dayagram na ito, suriin natin ang mga moment ng force sa balikat ng manggagawa bilang axis ng pag-ikot. Sa timbang ng dalawang load na ibinigay bilang m_1 at m_2 at sa mga load-supporting places sa poste (pahalang na distansya sa pagitan ng mga load at balikat) na ibinigay bilang L_1 at L_2

Ang clockwise moment: $M_1 = 9.8 \times m_1 \times L_1$

Ang counterclockwise moment: $M_2 = 9.8 \times m_2 \times L_2$

Ang mga moment sa palibot ng axis ng rotation ay nasa equilibrium sa ibaba:

$$9.8 \times m_1 \times L_1 = 9.8 \times m_2 \times L_2 \quad (1)$$

$$m_1 \times L_1 = m_2 \times L_2 \quad (2)$$

$$m_1 \times L_1 = m_2 \times (L - L_1) \quad (3)$$

$$m_1 \times L_1 = m_2 \times L - m_2 \times L_1 \quad (4)$$

$$m_1 \times L_1 + m_2 \times L_1 = m_2 \times L \quad (5)$$

$$L_1 \times (m_1 + m_2) = m_2 \times L \quad (6)$$

(Tandaan na ang $L = L_1 + L_2$)

Hindi na kailangang sabihin, ang balikat ng manggagawa ang nagsisilbing axis ng rotation na sumusuporta sa bigat ng mga load ($m_1 + m_2$).

Ang equation (6) ay pwedeng isulat-muli bilang:

$$L_1 = \frac{m_2}{m_1 + m_2} \times L$$

Alinsunod dito, ang mga load ay magiging equilibrated kung ang poste ay hahawakan sa point na tinukoy ng hahatiin internally ang poste sa kabaligtarang proporsyon sa mga timbang ng mga load m_1 at m_2 .

2 Mass at Sentro de Grabidad (p.135)

Sumangguni sa teksbuk.

3 Motion (p.140)

3.1 Tulin (p.141)

Ang speed ay ang dami na nagsasabi kung gaano kabilis gumalaw ang isang bagay. Ito ay kinakatawan ng distansya ng bagay na gumagalaw sa isang haba ng yunit ng oras.

Kung ang isang bagay ay gumagalaw sa uniform motion na 50 metro sa 10 segundo, ang bilis nito ay maaaring ipahayag na 5 m/s. Ang bilis ng isang bagay sa uniform motion ay ipinahayag sa pamamagitan ng resulta ng paghati sa distansya ng galaw ng isang bagay sa isang tiyak na tagal ng oras ng kinakailangang bilang ng mga haba ng yunit, tulad ng nakasulat sa ibaba:

$$\text{Velocity (v)} = \frac{\text{Distansya (L)}}{\text{Oras (t)}}$$

Kabilang sa mga karaniwang ginagamit na yunit ng bilis ay metro bawat segundo (m/s), metro bawat minuto (m/min) at kilometro bawat oras (km/h).

Gayunpaman, sa pagtukoy ng motion ng isang bagay, subalit, hindi gaanong sapat na isipin ang bilis nito nang mag-isa. Kailangan din nating malamang ang direksyon ng galaw nito, at ang termino na "velocity" ay madalas na ginagamit bilang isang dami na nagpapahiwatig ng parehong direksyon at bilis ng paggalaw.

3.2 Inertia (p.142)

Ang isang materyal na bagay ay may tendensiyang manatiling nasa pagtigil kung nakatigil, o, kung gumagalaw, ay patuloy na gagalaw sa parehong direksyon, magpakailanman sa bawat kaso, hanggat hindi naapektuhan ng isang panlabas na puwersa. Ang tendensiyang ito na tinatawag na "inertia", at ang puwersang nagtatrabaho sa materyal na bagay dahil sa inertia ay tinatawag na "puwersa ng inertia".



Fig. 4-7 Inertia

3.3 Puwersang centripetal at centrifugal (p.143)

Kapag ang isang nagtatapon ng martilyo, matapos paikuting mabilis ang martilyo upang bigyan ito ng paikot na galaw, ay bibitawan ang kanyang hawak sa singsing, ang martilyo ay lilipad sa direksyon na tangent sa bilog sa punto ng pagbitaw. Upang patuloy ang martilyo sa pagikot na galaw, ang atleta ay dapat patuloy na hilahin ito patungong sentro ng bilog.

Upang mapagalaw ang isang bagay sa paikot na galaw, may puwersang (sa naibigay sa taas, ang puwersa ng kamay na hawak ang martilyo sa singsing) dapat ilagay upang gumana ito. Ang puwersang magpapagalaw paikot dito ay tinatawag na "centripetal force". Kaugnay nito, ang puwersang katumbas ng lakas pero kabaliktad na direksyon sa centripetal force ay tinatawag na "Centrifugal Force".




Fig. 4-8 Puwersang centripetal at centrifugal

Tulad ng ipinapakita sa Fig. 4-9, mas mabilis ang pag-angat ng load, mas malaki ang force ng centrifugal, na nagreresulta sa paggalaw ng pag-load sa paitaas. Kumpara sa sitwasyon kung saan ang pag-angat ng load ay nakahinto, ang kondisyong ito ay nagdaragdag sa moment ng force na gumagana para pumalya ang jib crane. Sa ilalim ng malalang kundisyon, hindi malayo na bumagsak talaga ang crane.




Fig. 4-9 Palabas na galaw ng naiangat na karga at ang mga pag-iiba sa radius ng pagpapagalaw dahil sa centrifugal force

Ang “Blokeng Pulley” ang terminong tawag sa mga assemblyang gawa ng kumbinasyon ng mga sheave. Ang mga assemblyang ito ay nahahati sa mga sumusunod na kategorya:

4.1 Stationary pulley (p.145)

Ang tipo ng Pulley na ito ay nakapirmi sa isang tiyak na lugar gaya ng nakikita sa Fig. 4-10. Ang gagawin lang para iangat ang karga gamit ang stationaryong pulley ay hatakin ang isang dulo ng lubid pababa. Sa madaling sabi, ang kagamitang ito ay binabago lang ang direksyon ng inilapat na pwersa, na hinahayaan ang lakas na di nababago. Upang iangat ang karga ng 1 metro, halimbawa, kailangan lang hilain ang lubid pababa ng 1 metro.




Fig. 4-10 Stationaryong pulley

4.2 Nagagalaw na pulley (p.146)

Ang katulad na klaseng pulley ay itong ginagamit para sa kalawit na bloke ng crane. Sa nakikita sa Fig. 4-11, ang nagagalaw na pulley ay pinapagalaw sa paggalaw pataas at pababa sa isang dulo (A sa diagram) ng lubid na tumatakbo sa gulong o mga gulong, na sa kabilang dulo ay nakakabit. Ang pulley mismo ay gumagalaw pataas at pababa na may bitbit ng karga, ayon sa pababang galaw ng lubid sa dulo. Maiaangat ang karga sa kagamitang ito na may pwersang katumbas sa kalahati ng karga (halimbawang ang pulley ay libre sa friction), pero kung ang lubid ay hinatak ng 2 metro, halimbawa, ang karga ay gagalaw pataas ng 1 metro lang - kalahati ng haba ng lubid ay hihilahin. Sa ibang salita, ang pulley ay kinakailangang bigyan ng mas maliit na pwersa ng bigat ng karga pero mas mahabang lubid ay dapat hilahin.

Samantala, ang direksyon ng inilagak na pwersa ay nananatiling di nagbabago habang ang lubid ay hinihilang pataas kapag ang karga ay kailangang itaas.




Fig. 4-11 Nagagalaw na Pulley

4.3 Kumbinasyong Pulley (p.147)

Ang blokeng kumbinasyong Pulley, gawa ng paghahalo ng madaming gumagalaw at stationary pulleys, na makakataas o baba ng napakabigat na karga nang may maliit na pwersa. Ang kumbinasyon ng tatlong pulley na gumagalaw at tatlong stationaryo, nang nakalagay sa Fig. 4-12, ay kayang iangat ang bigat ng pwersa katumbas ng isang anim ($1/6$) ng bigat ng karga, pagpalagay na ang sistemang pulley ay libre sa friction. Samantala, maiaangat ang bigat ng isang kanim lang ng metro sa bawat isang metro ng haba ng lubid ang hinila. Ibig sabihin ang stationaryong bilis ng galaw ng pag angat o pagbaba ng bigat ay isang anim din ng ibinigay na pwersa.

